Pagkahawa sa HIV mula sa pagsalin ng dugo

Ang Human Immunodeficiency Virus (HIV) ay isang virus na natatagpuan sa dugo at iba pang likido sa katawan. Inaapektuhan ng sakit ang mga CD4 cells na natatagpuan sa ating dugo na bahagi ng ating immune system. Napapahina at nasisira ng HIV ang mga CD4 cells sa katawan at sa ganitong paraan ang immune system natin ay humihina rin ang depensa sa iba't ibang sakit at inpeksyon kaya na lamang bumibilis ang paglala ng sakit at sa kalaunan ito ay nagiging Acquired Immunodeficiency Syndrome (AIDS). Ang HIV ay hindi nabubuhay ng matagal sa labas ng katawan kaya ang inpeksyon ay nakukuha lamang kung into ay pumasok mismo sa katawan. Ang pangunahing daan ng HIV ay sa panahon ng pagtatalik, ngunit ang sanaysay na ito ay ipapaliwanag kung paano ang sakit nalilipat sa pagsalin ng dugo. Lumalabas na 5-10 porsyento ng HIV ay dahil dito.

Ang karaniwang sanhi ng HIV sa pagsasalin ng dugo

Ang mga taong may pinakamataas na pagkakataong magkaroon ng HIV sa pagsasalin ng dugo ay ang mga adik sa droga na gumagamit ng karayom at mga taong nangangailangan pagsalinan ng dugo. Hindi wastong injection, kung saan 5% ng HIV ay sa dahilang ito, ay nangyayari kung ang mga tao ay gumagamit ng karayom ha dumaan sa isang taong may HIV. Ito ay maaaring dahil sa droga o sa pagpapagamot sa mga ospital. Mariing sinasabi ng mga nasa katungkulan na kung sakaling gagamit ng iisang karayom o kahit anung kagamitan na makakasugat sa balat,kinakailangan na ito ay ma-isterilise o mapakuluan sa tubig ng dalawampung minuto. Kasama dito ang mga instrumento na ginagamit sa pagtatali, pagpapa-tattoo, pagbutas sa tenga, o acupuncture. Para makaiwas sa HIV, ang World Health Organization (WHO) ay nagbibigay ng program kung saan ang pag gamit ng karayom ayara lamang sa isang tao at hindi na ito gagamitin pa sa iba.

Ang pagsalin ng isang infected na dugo ay magdudulot din ng HIV. Karaniwan na sa iba't ibang bahagi ng mundo ang pagsusuri ng mga alay na dugo para sa HIV bago ito gamitin sa isang patiente, ngunit marami pa ring bansa ang walang kagamitan para dito. Gayundin, ang mga taong may malaking pagkakataon na magkaroon ng HIV ay hindi nararapat na mag-alay ng dugo sapagkat sila ay maaaring maging dahilan sa paglipat ng HIV sa ibang tao. Sa ganitong paraan at pagsusuri, hindi na gaanong kadelikado ang pagsalin ng dugo sa karamihan ng bansa. Ngunit hindi lahat ng tao ay sakop nitong bagong batas. Katulad ng nailathala ng The Economist noong 1990s sa China, ginawa ng mga nasa

katungkulan na pagsamasamahin ang mga alay na dugo kaya na lamang umabot sa 55,000 na tao ang nagkaroon ng HIV at mahigit 130,000 pa sa kalaunan sa isang probinsya ang nagkaroon ng HIV dahil sa paghahalo ng mga alay na dugo. Para maiwasto ang pangyayaring ito, hinigpitan ng gobyerno ang pag-aalay ng dugo at binigyan ng libreng anti-retroviral na mga gamot ang mga naapektuhan.

Ang iba pang pagkakataon na mahawa sa HIV sa pagsasalin ng dugo

Ang mga health care workers na madalas gumagamot ng HIV ay sinasabing may sero-conversation na humigit kumulang sa 0.5% lamang. Gayunpaman, kahit maliit lang ang posibilidad na sila ay mahawaan ng HIV marami pa ring paraan, tulad ng pag-iinom ng anti-AIDS na gamot, kung sila man ay magkamali sa pag gamot ng mga may sakit.

Sinasabi ng Centre for Disease Control and Prevention na ang mga taong nakikisama sa mga may HIV ay nararapat din na mag-ingat para hindi mahawaan. Ang mga pag-iingat ay maaaring sa pag linis at paglagay ng plaster o damit sa mga sugat ng may HIV, pagsuot ng rubber o gloves o plastic bag sa kamay. Nararapat din na maghugas lagi ng kamay at iwasan gamitin ang mga gamit ng may HIV na may contact sa katawan nito tulad ng sipilyo, karayom atbp.

Hindi naman pinagbabawal ang pakikipaghalikan sa taong may HIV sapagkat wala namang paglilipat o pagsasalin ng dugo dito. Ngunit kung malala na ang AIDS ng tao at nagkakaroon na ito ng mga sakit at sugat sa labi at bibig, tumataas ang posibilidad na malipat nito ang sakit sa pakikipaghalikan. Gayundin, may mga natuklasan ang Centre for Disease Control na may mga kasong nahawaan ang isang tao ng HIV sa pagkagat. Ito ay kung ang kinagatan ay malubha at naging duguan. Ngunit mas karaniwan pa rin na ang isang simpleng kagat ay hindi makakahawa ng HIV, pero nangangailangan pa rin na magpatingin sa duktor kung makagat ng isang taong may HIV.

Mga Pamahiin sa pagkakahawa sa HIV

Ang pagkakahawa sa HIV sa pamamagitan ng kagat ng insekto ay masusing napag-aralan, kasama na ang mga lugar kung saan maraming insekto, at natagpuan nila na hindi nalilipat ang HIV sa kagat ng insekto. Ito ay sa dahilan na ang kagat ng insekto ay gawa ng laway nila at walang dugong nailipat sa pagkagat. Ang laway ng insekto ay maaaring maglipat ng ibang sakit tulad ng malaria at yellow fever ngunit basta walang dugong nailipat, hindi ito makakahawa ng HIV. Gayundin, kahit ang HIV virus ay natatagpuan sa luha, pawis, ihi, suka, walang nadiskubre na nagkasakit ng HIV matapos magkaroon ng kontak sa mga ito.

Mga Paraan para makaiwas sa HIV

Naipahiwatig ng sanaysay na ito ang mga paraan kung paano ang isang malusog na tao ay maaaring mahawaan ng HIV sa paglipat ng dugo at ang mga paraan para maiwasan ito. Ulit, lahat ng alay na dugo ay dapat suriin sa HIV bago ito gamitin sa pagsalin. Ang mga karayom at iba pang matalim na instrumento ay dapat malinis at gamitin lamang kung kinakailangan. Higit sa lahat, ang mga instrumento na tumatagos sa laman ay dapat pakuluan sa tubig bago gamitin at itapon ng maayos na nakasara at hindi maaabot ng mga bata. Ang WHO at iba pang pandaigdigang organisasyon ay nagbibigay ng maraming paraan para ang mga nag gagamot gamit ang karayon ay makaiwas sa HIV sa pagbibigay ng mga karayom na hindi pinagpapasa-pasahan. Ang mga adhikain na ito ay pilit pinipigilan ang patuloy na pagkakahawa sa HIV sa pamamagitan ng maruruming karayon at pagtatalik, lalo na sa prostitusyon. Ang mga may HIV na gumagamit ng injection ay maaaring pumasok sa prostitusyon para sa pera, samantalang ang mga puta ay maaaring gumamit ng droga para harapin ang trabaho. Ang ganitong paikot-ikot na pangyayari ay lalong nagpapalala ng mga taong nahahawa sa HIV at nagiging dahilan para tumaas ang antas ng HIV sa iba't-ibang bansa. Sa pagwawakas, kahit ang pagkakahawa sa HIV sa paglipat ng dugo ay kumakatawan lamang sa 5-10% ng inpeksyon, hindi ito dapat isinasantabi o binabalewala. Sa masalimuot na palipat-lipat ng HIV, bawat paraan ng pagkakahawa dito ay dapat mapag-aralan at matugunan para makita ang epekto nito sa paglaganap ng HIV sa buong mundo. Ang pag-uunawa, ugali, at pananaw sa pagkakahawa sa HIV sa pagsalin ng dugo ay dapat magbago.